

## MGA PANGANIB NG ABORSIYON

- 1. Impeksyon**  
Ang impeksyon sa matris (endometritis) ay nangyayari sa mga 0.1% ng mga kaso sa unang trimestre at 0.4% sa ikalawang trimestre. Sa mga sintomas ng impeksyon ay maaaring kabilang ang kirot sa balakang, lagnat at mabahong amoy. Ito ay ginagamot ng mga antibiyotiko at kung minsan ng isang inuulit na aspirasyon. May maliit na panganib na ang pagpapaospital para sa IV antibiotics, isang D&C, o ibang pag-opera ay maaaring kailangan.
- 2. Di-kumpletong aborsiyon**  
Ang isang di-kumpletong aborsiyon ay nangangahulugang ang pagbubuntis ay natapos na pero ang tisyu ng pagbubuntis ay namamalagi sa matris. Sa mga sintomas ng isang di-kumpletong aborsiyon ay kabilang ang nadagdagang pagdurugo at mga pamumuo ng dugo, nadagdagang pulikat at posibleng impeksyon. Kung ang komplikasyong ito ay mangyari, ito ay maaaring mangailangan ng inuulit na aspirasyon o isang D&C sa isang klinika o ospital.
- 3. Patuloy na pagbubuntis o nabigong aborsiyon**  
Ang nabigong aborsiyon ay bihira at karaniwang dahil sa isang bicornuate (hati o hubog-puso) na matris. mapakaagang pagbubuntis, o ectopic na pagbubuntis o ang fetus ay nasa labas ng matris. Kung minsan hindi matanggal ng doktor ang pagbubuntis. Mahalagang bumalik ang pasyente sa klinika o kanyang doktor kung nararamdaman pa rin niya na siya buntis o hindi niregla sa loob ng 8 linggo pagkatapos ng aborsiyon. Kung ito ay mangyari ang isang appointment ay maaaring gawin para sa isa pang pagtatangka, o ang pasyente ay maaaring irekomenda sa ospital. Ang isang tubal (ectopic) na pagbubuntis ay hindi tinatapos ng aborsiyon at maaaring mangailangan ng pag-opera sa tiyan upang matanggal ito.
- 4. Pagkabntas ng matris.**  
Ang pagkabutas ng matris ay nangyayari kapag ang isang instrumento ay naglagos sa dingding ng matris habang ginagawa ang pamamaraan. Hindi pangkaraniwan pero posibleng seryoso ito dahil makakasira ito ng mga panloob na bahagi ng katawan tulad ng mga bituka, pantog, o mga daluyan ng dugo. Ang paggamot ay maaaring buuin ng obserbasyon, laparoscopy, o pag-opera sa tiyan. Sa bihirang mga kaso ang hysterectomy (pagtanggali ng matris) ay maaaring ibunga.
- 5. Pagkasira ng cervix**  
Ang mga pagkasira ng cervix ay dulot ng mga instrumentong ginagamit sa pamamaraan. Ang pagkasira ay maaaring lunasan ng mga gamot para sa partikular na mga bahagi o mga tahi sa cervix, o maaaring mangailangan ng paglipat sa ospital para sa pagkukumpuni kung matindi.
- 6. Mga reaksiyong alerhiya**  
Ang mga reaksiyong alerhiya ay maaaring dahil sa lokal na pampamanhid, pampakalma, latex o ibang mga materyal na nakokontak ng pasyente. Kung magkaroon ng reaksiyon, ginagamit ng mga tauhang medikal ang pasyente sa pamamagitan ng paggamit ng mga pangkaraniwang protokol na medikal. Ang isang matinding reaksiyon ay maaaring magresulta sa ospital.
- 7. Mga Pamumuo ng dugo na natitipon sa matris (Hematometra)**  
Ito ay nangyayari kapag ang mga pamumuo ng dugo ay nalilikha nang mas mabilis kaysa kakayahan ng matris na tanggalin ang mga ito, nagresulta sa matris na napupuno ng dugo. Mararamdaman ng pasyente ang pagkaumbok at pagkakaroon ng matitinding pulikat. Ang paggamot ay inuulit na aspirasyon upang tanggalin ang dugo at mga pamumuno mula sa matris.
- 8. Hemorohiya**  
Ang hemorohiya o labis na pagdurugo ay maaaring magbunga ng pagkapunit ng cervix, pagkabutas ng matris, napamalaging tisyu, kakulangan ng muscle tone o pagputok ng matris, coagulopathy at ibang mga abnormalidad ng matris o inunan. Ang hemorohiya ay maaaring mangailangan ng pag-inom ng mga gamot, inuulit na aspirasyon sa klinika. Ang paglipat sa ospital ay maaaring kailangan para sa D&C o ibang pag-opera at maaaring mangailangan ng mga pagsasalin ng dugo.
- 9. Kamatayan**  
Ang panganib ng kamatayan mula sa hinikayat na aborsiyon ay napakaliit. Ito ay dapat ihambing sa panganib ng kamatayan mula sa buong-panahon na pagbubuntis at panganganak, na labindalawang ulit na mas malaki kaysa maagang aborsiyon. Ang edad ng pagbubuntis ay ang pinakamahalagang isinasaalang-alang sa panganib na may mas kaunting kamatayan na may kaugnayan sa aborsiyon ang nangyayari sa unang trimestre kaysa ikalawang trimestre. Ang mga kamatayang ito ay dahil sa hemorohiya, impeksyon, at sa mas mababang antas bunga ng pampamanhid dahil ang pangkalahatang pampamanhid ay naging mas ligtas at hindi gaanong ginagamit.

*Ang impormasyon ay mula sa Management of Unintended and Abnormal Pregnancy – Wiley-Blackwell 2009*